REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

## KAPASIYAHAN BILANG 92-17

**KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA KAGALANG-GALANG PANGULONG FIDEL V. RAMOS, KGG. JOSE DE JESUS, KALIHIM NG DEPARTMENT OF PUBLIC WORKS AND HIGHWAYS (DPWH) AT KGG. MANUEL VILLAR, KINATAWAN NG DISTRITO NG LAS PINAS AT MUNTINLUPA PARA SA MADALIANG PAGKOKONGKRETO AT PAGPAPALAWAK NG NALALABING BAHAGI NG DAANG-BAYAN (NATIONAL HIGH-WAY) SA MUNTINLUPA MULA SA BARANGAY PUTATAN HANGGANG BARANGAY TUNASAN UPANG MAISAAYOS ANG MAHUSAY NA DALOY AT PANGANGASIWA NG TRAPIKO SA BAYAN NG MUNTINLUPA.**

*****************************************************************

**SAPAGKAT,** ang kasalukuyang umiiral na "road network" sa Muntinlupa ay nakakahadlang sa pagsulong at pag-unlad ng nasabing bayan dahil hindi sapat na natutugunan ang malaking bilang ng trapiko papasok at palabas ng bayan ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** ang daang-bayan (national road) ng Muntinlupa ay siyang mahalaga at pangunahing daan na ginagamit ng libo-libong motorista at mamamayan araw-araw;

**SAPAGKAT,** ang nasabing daang-bayan ay dumaranas ng pagsisikip ng trapiko sanhi ng sira-sirang bahagi ng nasabing daan;

**SAPAGKAT,** upang mapabilis at mapaganda ang daloy ng trapiko sa nasabing National Highway na nasasakupan ng Muntinlupa, kinakailangan na ang malalaking aspaltadong bahagi ng nasabing daan ay makongkreto kaagad-agad;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan na humihiling sa Kagalang-galang Pangulong Fidel V. Ramos, Kgg. Jose De Jesus, Kalihim ng DPWH at Kgg. Manuel Villar, kinatawan ng Distrito ng Las Pinas at Muntinlupa, na madaliang ipakongkreto ang nalalabing bahagi ng daang-bayan (National Highway) ng Muntinupa;

**PINAGPASIYAHAN PANG MULI,** na mabigyan ng sipi ang mga kinauukulan para sa kanilang mabilis at naaayong aksyon.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



PINAGTIBAY NG NAKARARAMING kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang Tanging Pulong na ginanap noong ika-8 ng Oktubre, 1992 sa Session Hall, People's Center, Bayan ng Muntinlupa.

**PINATOTOHANAN:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
**Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal**

**KGG. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
**Konsehal**

**KGG. ARTURO S. BUNYI**
**Konsehal**

**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
**Konsehal**

**KGG. REY E. BULAY**
**Konsehal**

**KGG. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**
(Abstained)

**KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ**
**Konsehal**

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



**KGG. ERNESTO A. CARUBIO**
**Konsehal**

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
**Konsehal**

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
**Konsehal**
**Kinatawan ng Sektor**
**Pangulo, Samahan ng mga Punong-Barangay**

**PINATUTUNAYAN:**

**PETER B. SALONGA**
**Pambayang Kalihim**

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
**Punongbayan**